

# AFTA at ang Bigas



**Rice Watch and Action Network**

Copyright 2009  
Rice Watch and Action Network  
All rights reserved.

**Rice Watch and Action Network**  
c/o Action for Economic Reforms  
3rd Floor # 40 Matulungin St., Central District  
Quezon City 1100 Philippines  
Telefax: (632) 426-5626  
Email: [rice\\_watch\\_actionnet@yahoo.com](mailto:rice_watch_actionnet@yahoo.com)  
Website: [www.r1phils.org](http://www.r1phils.org)

# **AFTA CEPT at Bigas**

## **Ma. Dolores Bernabe**

### **1. Ano ba ang AFTA-CEPT?**

Ang AFTA-CEPT o ASEAN Free Trade Area Preferential Tariff Scheme ay isang kasunduan sa pagitang mga miyembro ng ASEAN. Ang ASEAN ay ang samahan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Kabilang dito ang Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Thailand, Singapore, Cambodia, Laos PDR, Myanmar at Vietnam.

Nilalayan ng kasunduang ito na bumuo ng isang free trade area kung saan magiging ganap na malaya ang kalakal o paglabas at pagpasok ng mga produkto sa pagitan ng mga miyembro ng ASEAN. Kaugnay nito, nangako ang bawat bansa sa nasabing samahan na tatangalin o babawasan ang taripa o buwis na pinapataw nito sa importasyon ng mga produktong nagmumula sa iba pang kasapi ng ASEAN. Sa particular, hindi tataas sa 0 - 5 por syento ang taripa na ipapataw nito sa mga produktong inangkat mula sa ASEAN.

### **2. Paano ba ang isekdyul na pagbabawas ng taripa sa ilalim ng AFTA CEPT?**

Noong unang pinirmaham ang AFTA-CEPT, binalak ng ASEAN na makamit ang pagtatayo ng AFTA sa loob ng 15 taon, mula 1993 - 2008. Pero noong 1994, nagpasya ang ASEAN na pabilisin ang pagtatayo ng AFTA, mula sa 15 taon, patungong 10 taon. Dahil dito, lalong umigsi ang implementasyon period ng AFTA-CEPT, mula 1993-2003.

Sa ilalim ng AFTA CEPT, unang tinangal o binawasan ang mga taripa ng mga manufactured goods. Noong una hindi pa naka "phase in" o kasama sa iskema ng pagbabawas ang taripa ang mga produkto na nasa Temporary Exclusion List at ang mga unproc-

essed agricultural products. Pero ayun na rin sa probisyon na nasabing kasunduan, unti-unting pinapasok ang mga produktong ito sa AFTA-CEPT. Ang pagpasok o phase ng mga ito sa AFTA-CEPT ay nangangahulugan na ibababa na ng Pilipinas ang buwis na pinapataw nito sa importasyon ng ganitong mga produktong mula sa ASEAN.

Batay sa iskedyul ng pagbabawas ng taripa, kalakhan sa mga produkto ng Pilipinas ay naipasok na sa AFTA-CEPT. Ang huling grupo ng mga produkto sa ilalim ng Temporary Exclusion List ng Pilipinas ay pinasok nito sa AFTA-CEPT noong 2000, sa bisa ng Executive Order 234.

Karamahin sa mg produktong agricultural ng Pilipinas ay nasa sensitive list. Ang mga ito ay nakatakdang ipasok sa AFTA-CEPT bago sumapit ang 2010.

### **3. Ano ang ibig sabihin kapag nasa sensitive list ang isang produkto?**

Kapag nasa sensitive list ang isang produkto, binibigyan ito ng mas mahabang panahon ng pagbabawas ng taripa. Ayon sa Protocol on Special Arrangements for Sensitive and Highly Sensitive Products, dapat ipasok na sa AFTA-CEPT ang mga produkto sa ilalim ng sensitive list bago lumampas ang January 1, 2010. Ang Cambodia, Laos, Vietnam at Myanmar ay binibigyan ng ng mas mahabang palugit para sapagpasok ng kanilang mga sensitibong produkto sa AFTA-CEPT. Nasa Table 1 ang detalye ng mga nasabing iskedyul.

**Table 1**  
**Schedule of Phasing in of Sensitive Products into the AFTA-CEPT**

Country	Completion of phasing in of products in the sensitive list
ASEAN 6 (Brunei, Indonesia, Malaysia, the Philippines, Singapore and Thailand)	January 1, 2010
Vietnam	January 1, 2013
Lao PDR and Myanmar	January 1, 2015
Cambodia	January 1, 2017

*Source: ASEAN Economic Blueprint*

Ang panghuling taripa sa mga sensitibong produkto ay hindi dapat lumampas ng 0-5 per cent. Hindi rin dapat magpataw ang isang bansa na magkaparehong taripa sa loob ng tatlong taon. Ang mga probisyon nabanggit ang isyang magtitiyak na magiging malaya ang kalakal sa mga nasabing sensitibong produkto.

#### **4. Ano naman ang kaugnayan ng AFTA CEPT sa bigas?**

Dahil ang bigas ay isang napakahalagang produkto sa Pilipinas, ito ay nakalagay sa tinatawag na highly sensitive list na nasabing bansa. Kaunay nito maaring panatilihin ng Pilipinas ang QRs o pagbabawal sa importasyon hanggang 2010. Pagkatapos ng petsang ito, kailangan na nitong ipasok ang nasabing produkto sa AFTA-CEPT.


Mayroong kalayaan ang mga bansang magtakda ng ending tariff rates ng mga produkto sa highly sensitive list, basta't hindi ito lalampas sa kasulukuyang taripa ng Pilipinas sa bigas sa WTO na 50%.

#### **5. Ano ang possibleng epekto ng pagtanggali ng quantitative restrictions sa bigas sa ilalim ng AFTA-CEPT sa maliliit na magpapalay?**

Kalakhan sa importasyon ng Pilipinas ng bigas ay mula sa mga bansa sa loob na ASEAN tulad ng Thailand at Vietnam, kung saan kadalasang mas mura ang bigas. Ito ay makikita sa Figure 1 na siyang naghahambing ng presyo ng bigas mula sa presyo ng bigas mula sa Thailand at Vietnam.

Sa ganitong labanan ng presyo, mahihirapang makipagkumpetensya ang ating maliliit na magpapalay, lalo na kung hindi natin sila (1) tutulongang umunlad ang produktibidad at kakayahang makipakumtensyaat (2) bibigyan ng proteksyon laban sa inangkat na bigas mula sa ibang bansa.

Figure 1



Source: Based on author's computation using data from FAO and BAS

## 6. Pero di ba maari naman tayong magpataw ng taripa kapag tinanggal natin ang QRs sa bigas.

Oo, tulad na nabanggit kanina, maari tayong magpataw ng taripa na hindi lalampas sa kasulukuyang taripa ng bigas sa WTO na 50%. Gayunpaman, maliban sa nakaraang taon kung saan talagang hindi normal ang presyo ng bigas, makikita sa Table 1 na hindi sapat ang 50% taripa para bigyang proteksyon ang ating maliliit na magsasaka. Kaugnay nito, lalong hindi sapat ang taripang 40 %.

Table 2  
Comparison of Wholesale Price of Rice with Price of Thailand and Vietnam Rice (25% Broken) at 50% Tariff

Year	Thai Rice with 50% Tariff	Vietnamese Rice with 50% Tariff	Philippine Rice (Wholesale Price)
2003	12.13	11.07	18.30
2004	17.21	16.22	19.12
2005	19.89	18.36	20.93
2006	21.49	19.89	21.39
2007	21.11	20.35	22.59
2008	42.75	40.88	29.81

Source: Author's computation based on data from FAO and BAS

Table 3  
**Comparison of Wholesale Price of Rice with Price  
of Thailand and Vietnam Rice (25% Broken) at 40% Tariff**

Year	Thai Rice with 40% Tariff	Vietnamese Rice with 40% Tariff	Philippine Rice (Wholesale Price)
2003	11.32	10.33	18.30
2004	16.06	15.13	19.12
2005	18.57	17.13	20.93
2006	20.06	18.56	21.39
2007	19.71	18.99	22.59
2008	39.90	38.16	29.81

*Source: Author's computation based on data from FAO and BAS*

### **7. Ano ang manyayari kung sakaling magdesisyon ang Pilipinas na hindi tanggalin ang quantitative restrictions sa bigas?**

Wala naming probisyon sa mga kasunduan kaugnay sa AFTA-CEPT na nagtatakda ng parusa o kabayaran kung sakaling hindi tanggalin ang quantitative restrictions sa bigas. Gayunpaman napakalaki ng pressure sa Pilipinas na buksan na ang merkado sa bigas dahil ito na lang ang may natitirang QRs sa mga orihinal na kasapi ng ASEAN.

### **8. Paano ko maipapaabot sa gobyerno ang aking posisyon?**

Sa kasulukuyan ay nagsasagawa ang pamahalaan ng konsultasyon kaugnay sa pagpasok ng bigas sa AFTA-CEPT. Magandang maiparating sa pamahalaan ang inyong posisyon kaugnay sa planong pagbubukas ng merkado ng bigas sa importasyon mula sa ibang miyembro ng ASEAN.